
# NANAY KO SI NANAY, TATAY KO SI NANAY



KUWENTO NI:
JOSEPH ACE B. BALINGIT

GUHIT AT LAPAT NI:
JEROME T. PANTIG





*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nauunawaan ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito (two parent family, single parent family or extended family). AP1PAM IIa-1*



## Development Team

Kuwento ni: **Joseph Ace B. Balingit**

Guhit at Lapat ni: **Jerome T. Pantig**

Learning Resource Manager:

Ruby M. Jimenez, PhD

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*


## Pampanga

# NANAY KO SI NANAY, TATAY KO SI NANAY



Sa lahat ng babaeng nakilala ko, si Nanay ang pinakakakakaiba. Si Nanay ay may iba't ibang katauhan.

Maganda si Nanay, mahaba ang kanyang buhok, maputi ang kanyang kutis at maganda rin ang hubog ng kanyang katawan.




Minsan, nagpagupit si Nanay ng kanyang mahabang buhok, mukha siyang lalaki sa unang tingin. Sinuot din niya ang mga lumang damit ni Tatay nung siya ay nabubuhay pa. Sabi raw niya kailangan daw niyang magbago ng anyo.



Simula noong namatay si Tatay, marami ng pagbabago kay Nanay, hindi ko na rin siya madalas nakakasama dahil lagi siyang wala sa bahay. Hindi katulad dati, lagi ko siyang nakakasama.

Ngayon, madalas na lang akong nag-iisa.



Tuwing umaga siya ang naghahanda ng aking almusal bago pumasok sa paaralan. Binibihisan niya ako atpinaghahanda ng masarap na baon katulad ng dati.


Sa mga pagkakataong ito, isa siyang mabuting nanay.




Maya't maya lang, magbababago na siya ng anyo,  nakadamit panlalake na siya. Mamamamasada raw siya ng *tricycle* at siya ang maghahatid sa akin sa paaralan. Siya ngayon ay isang *tricycle* drayber. Siya muna ngayon si Tatay .



Pag-uwi ko ng hapon galing ng paaralan, nasa bahay na agad si Nanay, hawak ang aklat at lapis, tuturuan niya ako sa aking takdang-aralin. Siya ngayon ay isa namang dakilang guro sa akin.





Sa gabi, habang ako'y tulog, magbabago na naman siya ng nyo.Magiging tatay na naman siya. Bitbit ang basket na puno ng balot at penoy, maglalako raw siya para may pambayad kami ng renta sa bahay.

Kinabukasan, maagang nagising si Nanay. Dala ang pala, papunta sa ginagawang bahay sa kanto upang magtrabaho bilang tagahalo ng semento. Sayang daw yun, ang sabi niya, pambili rin daw ng bigas. Siya naman ngayon ay isang mason.



Minsan nagkaroon ng paligsahan sa pagluluto ang aming paaralan para sa mga nanay at anak. Kahit abala si Nanay, sumali kami rito at kami ang nanalo . Siya ngayon ay isang nanay na magaling magluto.



Tuwing walang pasok, tinuturuan ako ni Nanay na magbisikleta.Noong nabubuhay pa kasi si Tatay ito ang aming ginagawa. Kaya kahit pagod na si Nanay nagpapakatatay pa rin siya sa akin. Siya ngayon ay isang tatay.



Bago matulog, kinukuwentuhan pa niya ako ng aking mga paboritong alamat at pabula. Kahit masakit ang kanyang katawan hindi pa rin niya ako nakalilimutang kwentuhan. Ngayong gabi, siya ang aking nanay.



Ganyan ang aking nanay, daig pa niya si Darna at *Wonder Woman*. Hindi siya napapapagod maging nanay at maging tatay sa akin. Lagi siyang nariyan tuwing kailangan ko siya.

Nag-iiba lagi siya ng anyo kung kinakailangan.



Isang araw, nakatanggap kami ng imbitasyon sa paaralan. Magkakaroon daw ng patimpalak  sa pag-awit para sa mga tatay at anak. "Paano ako makasasali kung wala na ang aking tatay? Sabi ni Nanay siya raw ang bahala."



Nang gabing iyon, hindi ako makatulog. Iniisip ko kung anong mahika ang gagawin ni Nanay para kami ay makasali sa patimpalak.

Magkahalong kaba at pagkasabik ang aking naramdaman ng mga oras na iyon.



Malapit na kaming tawagin, saktong narito na si Nanay, nakabihis panlalake at mukhang galing sa *construction*. Madungis at amoy lupa dahil sa pagmaadaling makahabol sa patimpalak. Bagay na labis kong ikinatuwa.



Nang kami ay nasa entablado na, nakita kong pinagtatawanan si Nanay ng ilang mga bata at magulang na naroon. Pakiramdam ko ay para kaming nilalamon ng lupa. Pinagtatawan nila ang itsura ni Nanay.




Tomboy daw ang nanay ko, yan ang sigaw nila. Sinabayan pa nila ito ng pagtawa. Hindi ko mapigilan ang aking sarili sa galit at napaluha ako dahil pinahiya nila si Nanay. Ginawa nilang katawa-tawa si Nanay.



Bumaba ako ng entablado, sa sobrang galit ko ay inaway ko ang mga batang tumutukso sa aking nanay. Hindi ko napigilan ang aking galit, maraming mga bata ang nasaktan sa ginawa ko.



Pinatawag kami ng punong-guro ng mga oras na iyon. Kinausap kami ni Nanay tungkol sa kaguluhang nangyari.  Takot na takot ako dahil alam kong mali ang aking ginawa. Alam ko, pagagalitan din ako ni Nanay.



Humingi ako ng paumanhin sa aming punong-guro gayundin sa mga batang nasaktan ko. Nangako akong hindi na mauulit iyon, humingi rin ako ng paumanhin kay Nanay sa aking nagawa.



Naiwan si Nanay at nag-usap sila ng masinsinan ni Ginang Paz. Nalaman ko na *single parent* pala ang tawag kay nanay. 'Yun daw ang tawag sa mga magulang na ginagampan ang pagiging tatay at nanay.




Noong araw ng Lunes, tinalakay ng aming guro ang tungkol sa pamilya, may mga pamilya raw na may tatay at nanay, may puro tatay lang at minsan nanay lang katulad ng mayroon ako.



Pag-uwi ko sa bahay, niyakap ko si Nanay at nagpasalamat sa pagmamahal na binigay niya sa akin.

Para sa akin, hindi siya nagkulang bagkus labis-labis pa ang binigay niyang pag-aaruga sa akin.



Araw ng kapistahan sa aming barangay, inanyayahan ng aming alkade si Nanay na dumalo sa isang pagtitipon. Hindi ko alam kung para saan ang imbitasyon. Ang sabi lang niya kailangan daw  magbihis siya nang maganda.



Nang araw na iyon, muli kong nasilayan ang tunay na ganda ni Nanay, pusturang-pustura at mukhang artista. Para sa akin, siya na yata ang pinakamagandang babae ng mga oras na iyon.



Lingid sa aming kaalaman, buong karangalang tinawag ng aming alkade si Nanay at pinarangalan bilang natatanging babae ng taon.

Labis ang galak ni Nanay nang matanggap niya ang plake ng pagkilala na may kasama pang gantimpala.




Sa pag-uwi namin sa bahay, niyakap ko si Nanay ng mahigpit na mahigpit. Pinaramdam ko sa kanya kung gaano ko siya kamahal, dahil hindi ko lang nanay si Nanay, tatay ko pa si Nanay.









TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**JOSEPH ACE B. BALINGIT:** Kasalukuyang nagtuturo sa San Isidro Elementary School, San Isidro, Masantol, Pampanga bilang Teacher III.

**JEROME T. PANTIG:** Kasalukuyang nagtuturo sa Sebitanan National High School, Sebitanan, Sasmuan Pampanga bilang Teacher II.

Tunghayan ang kwento ng isang nanay na magpalit ng iba't ibang katauhan para mabigyan ng magandang buhay ang kanyang anak.

Ito'y kuwento ng pagiging dakila ng bawat ina na mag-isang binubuhay ang kanilang mga anak.

